CITY OF LONG BEACH

El Departamento de Gestión Financiera
Kawanihan ng mga Komersiyal na Serbisyo
411 West Ocean Boulevard, Lobby, Long Beach, CA 90802
(562) 570-7600 • Fax: (562) 570-6783 • AmbulanceBilling@LongBeach.gov

Tagubilin sa Waiver Form para sa Deklarasyon ng Kahirapan

Ang mga sumusunod ay ang tagubilin kung paano sagutan ang Waiver Form para sa Deklarasyon ng Kahirapan.

1. Pakisagutan ang Waiver Form para sa Deklarasyon ng Kahirapan sa pamamagitan ng pag-type ng inyong impormasyon o pag-print sa form at pagsusulat ng inyong impormasyon.
2. Sa form, ilagay ang “pangalan ng pasyente” kung saan nakasaad.
3. Sa nilalaman ng form, ipahayag ang lahat ng dahilan kung bakit ninyo hindi mababayaran ang mga fee na utang ninyo sa Lungsod ng Long Beach. Magbigay ng maraming detalye hangga't maaari na nagpapaliwanag kung bakit hindi ninyo mababayaran ang halaga ng utang, gaya ng pagkawala ng trabaho, kondisyong medikal, o katulad ng mga ito. Huwag isulat ang “Tingnan ang Nakalakip (See Attached)” sa nilalaman ng form dahil mapapawalang-bisa nito ang deklarasyon.
4. Pakisaad ang halagang mababayaran ninyo, kung mayroon man.
5. Sa ibaba ng form, ilagay ang “petsa” kung kailan sinagutan ang form kung saan nakasaad. Bukod pa rito, ilagay ang pangalan ng “lungsod” kung saan sinagutan ang form.
6. Ilagay ang “run number” sa nakalaang espasyo. Makikita ang run number sa bill, sa ilalim ng pangalan ng pasyente sa kaliwang bahagi sa itaas ng bill.
7. Pakilagdaan ang deklarasyon sa nakalaang espasyo. Ang lagda ay maaaring mula sa pasyente, guarantor, o magulang o tagapangalaga ng pasyente. Sa pamamagitan ng paglagda sa deklarasyong ito, pinatutunayan ninyo na totoo ang inyong pahayag.

Ibalik ang mga sumusunod na dokumento sa Lungsod ng Long Beach:
1. Sinagutang Waiver Form para sa Deklarasyon ng Kahirapan.
2. Isang kopya ng inyong huling IRS W2 form (ang form para sa pederal na buwis sa Estados Unidos na inisyu ng inyong employer na naglalaman ng kita ng empleyado).
3. Isang kopya ng inyong pinakabagong bank statement.

Pakibura ang inyong social security at/o bank account number mula sa anumang isusumiteng dokumento. Ang pagbura sa inyong social security at/o bank account number ay hindi negatibong makaaapekto sa aming pagsasaalang-alang sa inyong hiling.

Puwedeng isumite ang lahat ng dokumento sa pamamagitan ng koreo sa City of Long Beach, Attn: Ambulance Billing, P.O. Box 22600, Long Beach, CA 90801, sa pamamagitan ng fax (562) 570-6783, o sa pamamagitan ng email sa AmbulanceBilling@LongBeach.gov.

Kung mayroon kayong anumang tanong, makipag-ugnayan sa amin sa (562) 570-7600, nang personal sa City Hall, 411 West Ocean Boulevard, Lobby, Long Beach, CA 90802 mula Lunes hanggang Biyernes nang 7:30 a.m. hanggang 4:30 p.m., o mag-email sa AmbulanceBilling@LongBeach.gov.